# SANGLAAN: TUNAY BANG TULAY NG MASANG PILIPINO?

nina Ma. Lina Nepomuceno-Van Heugten at Susana Corazon Ortega

Kumuha ng inspirasyon ang kasalukuyang panimulang pag-aaral sa tampok na pelikulang *Sanglaan* ng Cinemalaya '09. Upang mapunan ang salat na empirical at masusing pagsusuri sa phenomenon ng pagsasangla, minarapat ng may-akda na simulan ang paglilinaw ng konsepto ng sanglaan sa paggamit ng samu't saring metodo ng pananaliksik: 1) paghalaw sa paglalarawan ng sanglaan sa pelikula at sining, kabilang na ang mga patalastas at anunsyo ng mga sanglaan; 2) pagtatanung-tanong sa mga kalahok na naranasan nang magsangla; at 3) pakikipagkwentuhan sa mga may-ari o namamahala o taga-tasa ng mga sanglaan. Ayon sa datos, bagama't tunay ngang sagot sa mga hindi inaasahan o pang-araw-araw na pangangailangan ng masang Pilipino ang sanglaan, maaring bigyang pansin ang malawakang pananaw ukol sa pamamahala ng salapi at aktibong mapaghandaan ang kinabukasan sa pamamagitan ng ibang paraan ng paghawak at pangangalaga ng pananalapi at ari-arian tulad ng pag-iimpok, pag-aalkansya, paluwagan, ang bagong Piso-Piso bank at ang mga tradisyonal na bangko.

## Panimula

Sa isang rebyu ng pelikulang *Sanglaan* na lumabas sa *Facebook*, sinulat ni Butch Francisco (2009)[1] na "para sa maraming henerasyon ng mga Pilipino, may dalawang establisimiento kung saan hindi natin nais na makita tayong lumabas: isa dito ang sanglaan at pangalawa ay ang motel." Madaling maunawaan kung bakit hindi mainam na makitang galing tayo sa motel. Subalit may pangamba rin ang marami na isipin ng ibang tao na sila ay naghihirap kung makita silang nagsasangla na ng mga personal na gamit. O kaya, mas malala, na sila ay nagnakaw at itinitinda ang nakulimbat sa sanglaan. Sa katotohanan, may sektor ng Pilipino, lalo na iyong nasa hanay ng mga elitista (intelektuwal man o pangkabuhayan), ang hindi kailan man magkakaroon ng kaugnayan sa mga sanglaan. Subalit para sa hanay ng masang Pilipino, ang pagsasangla ay isang pangkaraniwang paraan para makaahon sa panahon ng kagipitan.

Mayroong websites sa internet na tinatalakay na ang negosyong sanglaan. Kasama na sa kanilang paglalahad ang kalikasan ng negosyong sanglaan at ang mga salita o bokabularyong ginagamit sa

sanglaan. Magkagayunman, mapapansing salat sa empirikal na datos ang mga naaplowd na artikulo tungkol sa sanglaan.

*Ang karamihan sa nilalaman ng papel na ito ay unang binasa ng pangunahing may-akda sa Ika-34 na Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino – Pera, Negosyo, at Sikolohiya: Puede bang Magkasama? Nobyembre 19-21, 2009, Little Theater at AVR, Miriam College, Lunsod Quezon. Pinagtibay sa bersyong ito ang pagdagdag ng datos upang mas paigtingin ang empirikal na datos upang lalong maunawaan ang penomenon ng pagsasangla sa tulong ni Susana Corazon Ortega, kaibigan at katuwang na propesor sa Departamento ng Sikolohiya, KAPP, U.P., Diliman. Lahat ng tuwirang sipi ay isinalin ng pangunahing may-akda sa Filipino upang makatipid ng espasyo sa papel.

## Ang Sanglaan sa Pelikula at Sining

Ang pelikulang *Sanglaan*, na sinulat at dinirihe ni Milo Sogueco (na ang ina ng director ay totoong nagmay-ari ng isang sanglaan noon siya ay nasa elementarya pa lamang) ay isa sa mga tampok na pinalista sa Cinemalaya Cinco Film Festival noong 2009. Nagsiganap dito sina Tessie Tomas, Ina Feleo, Joem Bascon, Jess Evardone, Flor Salanga, at Neil Ryan Sese. Ikalima ang ranggo ng pelikulang ito sa takilya sa taong 2009. Nanalo si Ina Feleo ng *Best Actress* at tropeo naman ng *Best Supporting Actress* ang nakamit ni Tessie Tomas sa parangal na ginanap sa CCP sa taong 2009.[2]

Malaki din ang naging internasyonal na exposure ng *Sanglaan*. Muling nagkamit ng dalawang parangal ang pelikulang ito sa ika-15 *Lyon Film Festival* na ginanap noong Nobyembre 3-8, 2009 sa Lyon, France. Nanalo naman ito ng medalyang pilak sa *New Asian Cinema* at tanso sa *Grand Prix du Public*, isang parangal na gawad ng mga manonood. Inilaban muli ang *Sanglaan* sa Vesoul International Film Festival sa Pransiya noong Enero 26 hanggang Pebrero 2, 2010. Pati sa ika-23 *Singapore International Film Festival* noong Abril 15-24, 2010, nakilahok ang pelikulang ito. Tunay na kahanga-hanga ang layo ng inabot ng pelikulang ito mula nang unang ipinalabas sa CCP at UP Film Center.[4,5] Ang mainit na pagtanggap ng internasyunal audience sa *Sanglaan* ay patunay na may unibersal na appeal ang temang ito.

Sa buod ng pelikula, sinulat ni Phillip Cu-Unjieng (Hulyo 29, 2009) sa *Philippine Star* ang sumusunod:

> Nagmamay-ari si Olivia ng isang sanglaan sa Tondo, habang ang anak na babae ng isang mag-asawang dating nagtatrabaho sa kanya subalit sumakabilang buhay na, si Amy, ang tagatasa ng mga gamit na ipiniprenda. Ang matandang sekyu at ang kanyang asawang nakatira sa ibabaw ng sanglaan ay pinauupahan ang kwarto ng kanilang anak na nakikipaglaban sa Mindanao. Hinihintay na lamang ng isang seaman ang kanyang papeles para makasakay na ng barko. Umiikot sa buhay na mga simpleng taong ito ang pelikula at sa proseso ay nakabuo ng hiwaga.Ang

> pelikula ay ukol sa mga tauhan at pagkakahabi ng kanilang mga buhay sa halip ng mga pangyayari at aksyon. Hinugot ni Direk Milo ang malalim na pagganap mula sa kanyang mga artista upang mapanatili ang ating interes.[6]

Ang pelikulang *Sanglaan* ay nagmulat sa atin sa papel na ginagampanan ng pagsasangla sa buhay ng mga ordinaryong nilalang upang matugunan ang mga pangunahing pangangailangan nila sa buhay.

## Ang Sanglaan sa Radyo, Telebisyon, at Internet

Sa kasalukuyan, isa sa mga pinakakilalang sanglaan sa bansa ay ang M. Lhuiller. Madalas marinig/ makita ang kanilang mga patalastas sa radyo, tv, at sa ngayon ay sa internet din. Tatlong mga anunsyo ng M. Lhuiller na tanging ang sanglaan lamang ang tutok (mayroon na rin kasing pera padala ads) ang pinagtuunan ng pansin sa papel na ito.

Una rito ay ang patalastas na pinamagatang "Small Town", kung saan tampok si Judy Ann Santos. *Tagline* ng patalastas na ito ang sumusunod: "M.Lhuiller po, Ang tulay ng Pilipino." Sa pangalawang patalastas naman, ito ang mensahe: Magaan ang buhay pag kasama ang M. Lhuiller – may malasakit, maaasahan, madaling lapitan. At ang pangatlong patalastas ay ang "Emergency", kung saan ang kapatid ni Judy Ann ay maysakit at kinakailangan ng operasyon, at maririnig sa bakgrawnd ang awiting, "Kung Kailangan Mo Ako." Sa lahat ng mga patalastas na ito, ang *tagwords* na ginamit ay: mabilis, maaasahan, mapagkakatiwalaan.

Mabilis magpalit ang mga patalastas ng M. Lhuiller sa internet. Ang tampok na patalastas nang bisitahin muli ng may-akda ang site ng M.Lhuiller ay ang idinagdag na mga patalastas ni Ogie Alcasid na pinamagatang, *"Prenda."*

Para naman sa sanglaang Cebuana Lhuiller, ang istorya ni Sarah Geronimo at kanyang nanay ang tampok na patalastas sa telebisyon at internet. Pinapamalas dito na nasa likod ni Sarah ang kanyang ina sa pag-abot ng kanyang ambisyong maging singer, at kaakibat nito, nasa likod naman nilang mag-ina ang pagsuporta ng Cebuana Lhuiller "every step of the way."

Isa pang patalastas ng Cebuana Lhuiller ay pinamagatang *"Ang Dukot"* na nagpapakita ng isang inang maraming gastusin na dinudukot niya mula sa kanyang pitaka – pambaon, padalang pera, tubig, pero pagdating sa pambayad sa tuition, wala nang mahugot ang ina kaya't buti na lang at may singsing si Inay, kaya nasambit niyang... "Haay salamat!", kung kaya't sa sanglaan ang tuloy!

Ang pangatlong patalastas ay ukol naman sa *"Karera/Takbuhan ng Bayan"* na nagpapakita ng mga taong nagsisipagtakbuhan patungong Cebuana Lhuiller habang naririnig mula sa announcer: "Si Mister, malayo pa ang payday, ubos na ang sweldo; Si Misis kinulang ang badyet, may kailangang

bayaran; Si Binata, nasira ang bike, dapat isaayos." Matapos ito, maririnig ang – "Sa Cebuana Lhuiller – mataas ang appraisal, insured ang prenda at pwedeng tubusin nang hulugan."[8]

Pansinin na sa lahat ng mga patalastas na ito, nilalarawan ang sanglaan bilang tunay na kaibigan o matatag na sandalan sa panahon ng pangangailangan at kagipitan. Ang mga tao ay parang walang kakayahang humanap ng ibang paraan upang tugunan ang kanilang pangangailan kundi umasa sa mga sanglaan. Hindi pinapakita sa mga patalastas na ito na may prendang kailangang ibigay kapalit ng tulong pinansyal. Kaibigan nga bang maituturing ang sanglaan kung kapalit ng perang kanilang pinapautang ay ang mga pineprendang ari-arian ng tao? Bukod dito, maaring tuluyan nang mawala ang gamit na naiprenda dahil ito ay posibleng marimata kung hindi mabayaran ang halagang pinautang na nakasulat sa *papel de agencia.*

## Ang Negosyo at Wika ng Sanglaan: Paano Tumatakbo ang Sanglaan

Itinuturing na *microenterprise* na hindi apektado ng krisis at may mabuting ROI (return of investment) ang negosyo ng sanglaan. Mainam na halimbawa ito ng tinatawag na *short-term credit* (panandaliang pautang). Ang pautang ay ibinibigay nang may mataas na interes batay lamang sa halaga ng kolateral. Isa itong madaliang paraan ng pangungutang na hindi kinakailangang busisiin ang kasaysayan ng pangungutang ng nagsasanla. Makakautang ng ikatlong bahagdan (1/3 o 30%) ng presyo ng bagay na isinanla.

Para sa mga nagbabalak na magbukas ng sariling sanglaan, maaaring tingnan ang impormasyong binabahagi ng *www.entrepreneur.com.ph/board/imdex.php?topic=46755.0:* [9]

Ang isang tipikal na transaksyon sa sanglaan (o isang kalakalan kung saan nagpapautang ng maliliit na halaga sa mga taong may dalang mga personal na gamit bilang kolateral) ay nagsisimula kapag ang isang nagbabalak humiram ng pera ay magpreprenda (personal na gamit na inilalagak sa isang sanglaan bilang paniyak na babayaran ang salaping hiniram) ng kanyang gamit. Ang taga-tasa (o "appraiser," na maaaring ang may-ari o empleyado ng sanglaan) ang siyang nagtatakda kung magkano ang maaring makuhang pautang base sa kalidad ng aytem na isasanla. Kapag nagkasundo sa presyo ng pautang, ilalagay ang aytem sa isang sisidlan at seselyuhan (mula sa "selyo" na ginagamit na pandikit o pansarang sisidlan na nagpapatunay na hindi gagamitin o papalitan ng may-ari ng sanglaan ang gamit na nakaprenda) ng nagtatasa. Papipirmahan sa ibabaw ng sisidlan ng nagsasanla para hindi mapakialaman ito ng iba, at pagbibigay ng kasiguruhan sa nagsasanla na ang kanyang gamit na personal ay hindi gagamitin, hahawakan, o sisirain ng iba.

Susunod ang pagsasaayos ng *papel de agencia* (o tiket, na siyang resibong ibinibigay sa isang nagsanla). Sa *papel de agencia nakatala* ang 1) "principal" o halaga ng na "loan"; 2) ang "surcharge" o "penalty" na siyang karagdagang bayad batay sa dami ng araw ng pagkakaantala ng pagbabayad; 3) "grace period" o panahon na binigay ng sanglaan sa parokyano para matubos ang bagay na sinangla; at 4) ang petsa ng pagtubos.

Matapos maisaayos ang *papel de agencia*, mabasa at mapirmahan ng nagsasanla ang kontrata, ibibigay ng kahera ang halagang nakalagay sa papel de agencia at ipapaalala ang petsa kung kailan dapat tubusin ang aytem.

Kung minsan, napipilitan ang nagsanla na ibenta ang *papel de ahensya* sa isang kaibigan o kakilala sa halagang mataas nang kaunti sa nakatalang babayaran sa sanglaan upang ang taong ito na lang ang siyang tumubos ng aytem at nang hindi mapunta ang gamit sa sanglaan mismo.

Minsan, ang nagsanla ay hindi makapagbayad nang buo sa takdang oras kung kaya't nire-renew (o ang pagbabayad lamang ng interes kada buwan upang hindi ito tuluyang maremata ang aytem na sinangla) ng parokyano ang pagsasangla.

Kapag hindi nakapagbayad sa takdang panahon , mareremata o permanenteng maaangkin ng sanglaan ang aytem na hindi matutubos ng nagsanla. Kapag marami-rami na ang mga aytem na hindi naremata, posibleng magkaroon ng rematado sale, na isang malakihang pagbebenta ng isang sanlaan ng mga aytem na kanila nang naremata.

Ayon sa *www.entrepreneur.com.ph/board/imdex.php?topic=46755.0*, ang isang namumuhunan sa sanglaan ay maaaring kumita ng 60% interes kada taon sa lahat ng ipinahiram na capital. Ang interes kada buwan ay 5% (5% x 12=60%).

Ayon din sa *bizfil.com/pawnshop-operation-and-source-of-income/*, may kapaliwanagan kung bakit tinatangkilik ng madlang Pilipino ang mga sanglaan. Ayon sa kanila,

> Dahil bagsak pa rin ang ekonomiya at maraming taong nangangailangan ng pera upang matugunan ang madaliang pangangailangan na hindi bahagi ng kanilang budget. Kahit ang sector ng paggawa na may regular na trabaho ay kailangan pa ring maghiram ng pera para matugunan ang kanilang pangangailangan sa pagkain, edukasyon ng kanilang mga anak, pang-araw-araw na gastusin, pagpapaayos ng sirang mga gamit, na hindi kasama sa listahan ng mga karaniwang gastusin. Dahil nga, umaasa sila sa sanglaan upang iprenda ang kanilang mga gamit na personal para madaliang makakuha ng pera.[10]

Ito ang dahilan kung bakit hinihahalintulad ang paglago ng sanglaan sa pagsulpot ng kabuti, kahit na nakikipagkumpitensya pa sila sa mga sanglaang multi-nasyonal. Ang mga lokal na sanglaan ay kumikita pa rin nang maayos, at nakakakuha pa rin ng bahagi sa merkado ng pautang.

Sa Pilipinas, ang mga sanglaan ay may pinakamataas na interes (o tubo; ito ang halagang sinisingil ng sanglaan para sa pagpapahiram ng pera, kadalasan, ito'y maaring 3% hanggang 5% na maaring kitain sa isang taon) sa pautang. Halimbawa, kapag nagpautang ang sanglaan na may interes na 60% (5%x12 buwan) sa bawat taon sa bawat pautang, higit na malaki ito sa 12-36% na interes na sinisingil na mga bangkong komersyal/*rural banks* at iba pang institusyong pinansyal. Dahil nga, may posibilidad na masambot ang lahat nang ipinasok na pera sa negosyong ito sa loob ng tatlo at kalahating taon.

Dahil sa taas ng interes, hindi maiiwasan ang persepsyong ang mga sanglaan ay mga lintang sumisipsip sa dugo ng masang Pilipino. Ang mga makabagong sanglaan ay nagkakaisa sa pagsisikap na mabago at mapabuti ang kanilang imahe sa pamamagitan ng pagsisimula ng mga proyektong sibiko at relihiyoso. Nagpapaaral sila ng mga estudyante mula *preschool* hanggang kolehiyo. Nagbibigay din sila ng mga pagsasanay o treyning upang magdagdag ng kaalamang pangkabuhayan at pagpapayabong sa buhay-ispiritwal na mga mahihirap.

## Layunin ng Pananaliksik

Bunsod ng mainit na pagtanggap ng publiko sa pelikulang *Sanglaan*, napukaw ang interes ng mga mananaliksik na siyasatin ang konsepto ng sanglaan sa konteksto ng kulturang Pilipino, lalo na't salat sa mga empirikal at sistematikong mga pag-aaral ang konseptong ito.

## PAMAMARAAN

### I. Mga Kalahok

Labing-walong babae (18) at labing-apat (14) na lalaki na may edad 25-60 ang kinapanayam ng limang mga kawaksing mananaliksik tungkol sa kanilang karanasan sa pagsasangla. Ang panggitnang gulang (mean) ng mga kalahok ay 38 taong gulang.

Isa pa nga sa mga kawaksing mananaliksik mismo ay umaming siya rin ay may karanasan na sa pagsasangla. Kinapanayam din ang dalawang nagtratrabaho sa sanglaan upang malaman ang punto de bista sa loob ng sanglaan.

### II. Kagamitan

May palatanungang gumabay sa pakikipanayam ng mga kalahok na naglalaman ng mga sumusunod na paksa: pagsasaad ng karanasan sa pagsasangla kasama ang paglalarawan ng mga bagay na sinangla, magkano ito naisangla, kung natubos ba o hindi, kaalaman ukol sa patakaran ng pagsasangla at kung may intensyon pang magsanglang muli.

Sa dalawang kalahok na nagtratrabaho sa sanglaan, tinanong sila tungkol sa mga patakaran ng sanglaan at ang mga persepsyon nila sa mga taong nagsasangla.

## III. Resulta ng mga Datos na Nalikom

Ayon sa panayam sa mga kalahok, iba't ibang uri ng alahas ang kadalasang sinasangla, tulad ng kawintas, singsing, hikaw, pulseras at relo. May manaka-manakang nagsasangla ng ibang personal na bagay tulad ng cellphone, video cam, laptop at bahay. Makikita sa Talaan 1 ang dami ng mga sinanglang mga bagay ng mga kinapanayam.

May ilang mga pamilya, na sa pagkabata pa lang ng mga anak at apo, lagi na silang binibilhan o nireregaluhan ng alahas kasi hindi lamang ito pampaganda kundi maaaring maging "asset" din na kapag nagipit ay pwedeng isangla. Samakatwid, ang alahas ay parang "investment" na pangback-up sa oras ng kagipitan.

**Talaan 1. Dami ng mga Bagay na Sinangla**

| Mga Bagay na Sinangla | Dami ng Nagsangla | Porsyento |
|---|---|---|
| Alahas | 34 | 75.56% |
| Iba pang personal na bagay | 11 | 24.44% |
| **Total** | **45** | **100.00** |

Nang tanungin naman ang mga kalahok kung magkano nilang naisangla ang kanilang mga ari-arian, malaki ang *"range"* o lawak ng mga halaga, mula sa pinakamababang Php 400 hanggang sa pinakamataas na halagang php 24,000. Nasa Talaan 2 ang samu't saring halagang nakuha ng mga kalahok sa pagsasangla.

**Talaan 2. Halagang Pinansangla sa mga Ari-arian**

| Halagang Kapalit ng Sinangla | Dami ng Bagay | Porsyento |
|---|---|---|
| < Php 1000 | 8 | 25.00% |
| Php 1001- 5000 | 13 | 40.63% |
| Php 5001-10,000 | 5 | 15.62% |
| > 10,001 | 6 | 18.75% |
| **Total** | **32** | **100.00%** |

Sa paglalahad ng mga kalahok ng kanilang karanasan sa pagsasangla, pansinin ang ilan sa kanilang binahagi:

> "Maraming beses na [nagsangla]. Alahas. Pag ayaw na ng asawa ko, sasangla na namin. Itong huli, gold earrings, nasangla ko sya ng Php 3,700 sa RD Pawnshop. Dati rin, pinasangla lang sa 'kin dati ng pinsan ko yung singsing nya. Nasangla namin ng Php 9,000."
>
> -Lalaki, 25 na taon

“Yung necklace ng asawa ko nung girlfriend ko pa lang sya. Naisangla ko ng Php 3,000. 36Karat yun.”

- Lalaki, 35 na taon

“Nakapagsangla na ng bahay pero hindi sa sanglaan, sa pinsan lang. May kontrata na notaryado ng abogado. Ang usapan ay sangla interes. Dahil wala kaming pangbayad, yung upa ng borders, sa kanila napupunta.”

-Babae, 39 na taon

“Sa sanglaan naman, nakapagsangla na ng kwintas na Vishay Gold pati cellphoe Nokia. May sanglaan ng cellphone. Ang cellphone naisangla ng Php 1,000. Yung kwintas na sinangla ay sa halagang Php1,600.”

- Babae, 39 na taon

“[Nagsangla ako ng] motor Php15,000.”

-Babae, 40 na taon

“Noong 2003, nakapagsangla ng gold na kwintas 18 karat sa M. Lhuilhier. Ang actual price nito ay Php 8,000. Naisangla ito sa halagang Php4,500.”

– Lalaki, 40 na taon

“[Nakapagsangla na ako ng] Kwintas na Saudi Gold na regalo ng asawa tapos Cellphone Nokia C1. Yung kwintas paulit-ulit ko ng naisangla yun, hindi ko sinasagad. Pwede mo kasi kausapin yung nasa sanglaan kung ipapasagad mo na ba o hindi. Pag sagad, para na rin syang binenta mo. Pwede mong tubusin at pwede mo na rin naming hindi tubusin kasi kapag sagad, malaki syempre ang interes.Noong una, sinasangla ko lang sya ng Php800. Ang sagad Php1000. Hindi ka pwedeng humirit na Php900. Dapat 800 o 1000 lang. Pag nag-900 ka, pipilitin ka nilang isagad na. Ang ginagawa ko lang nung una, 800 lang. Kaso nitong huli na, sinagad ko na. Numipis na kasi yung gold kakakiskis nila. At dahil manipis na nga, ang nagging sagad na presyo na lang nya ay Php900. Hindi ko na binayaran yung interes.”

- Babae, 36 na taon

“Yung sa cellphone naman sa MZET Pawnshop. Nabili ko yung cellphone sa GSM (“Galing sa magnanakaw”) ng Php 500, nasasangla ko yun ng Php 400. Okay hindiba? Malaki yung balik pag sinasangla.”

– Babae, 36 na taon

“Nakapagsangla na ng relo, kwintas, hikaw, singsing (basta madalas alahas). Ang presyo ng mga sinangla, range: bracelet (Php 600) - wedding ring (Php 7000).”

- Babae, 27 na taon

**Mga Dahilan Kung Bakit Nagsangla**

Tinanong din ang mga kalahok na nakapanayam kung anu-anong mga dahilan ang nagbunsod sa kanilang magsangla.

May apat na pangunahing sanhi sa pagsasangla ng mga kalahok sa kanilang ari-arian: kawalan ng pera; pantutos sa mga luho o kapricho; pambayad ng ibang utang; pagkakaroon ng di-inaasahang pagkakagastusan o "emergency". Tignan ang Talaan 3.

**Talaan 3. Mga Dahilan kung Bakit Nagsasangla**

| Mga Dahilan | Dami ng Sumagot | Porsyento |
|---|---|---|
| Walang pera | 10 | 45.45% |
| Pang luho/bisyo/kapricho | 5 | 22.73% |
| Pambayad utang | 4 | 18.18% |
| Pang emergency | 3 | 13.64% |
| **Total** | **22** | **100%** |

Ang mga sumusunod ay ilang halimbawa ng mga dahilang binigay ng mga kalahok sa pagsasangla:

**1. Kawalan ng Pera**

- "Kelangan ko kasi ng pera pang-apply ng trabaho, kinulang ako ng panggastos.",
  - Lalaki, 35 na taon.

- "Binata pa ko noon nung nagsangla ako, e syempre kapag gipit, kapag hindi na sapat yung allowance, naisipan magsangla. Syempre hindi ka naman makahingi kagad sa magulang kaya sangla na lang ng kung anong meron ka."
  -Lalaki, 36 na taon.

- "Pang-tuition ng mga anak saka pag biglaang gastusin."
  - Babae, 35 na taon.

- "Taghirap kase. Kapos sa pambayad sa kuryente, upa ng bahay, allowance naming mag-asaw."
  - Lalaki, 40 na taon.

- “Una, wala ng pera. Sobrang gipit na. O kaya naman kinabukasan mapuputulan na ng kuryente, kelangan magbayad na. Tapos allowance pa ng mga bata.”
  - Babae, 39 na taon.

- “Yung sa kwintas, kapos kasi sa pinansyal. Walang pangbayad sa ilaw, tubig.”
  -Babae, 36 na taon.

- “Kailangan ko ng pera e.”
  - Lalaki, 29 na taon.

- “Gipit kasi ako.”
  - Babae, 26 na taon.

- “Kulang ang budget (mas gustong gamitin ang salitang ‘kulang’ kaysa sa ‘gipit’); kakalipat lang namin ng bahay tapos walang pangbiling gatas si baby saka gamut ni Daddy.”
  - Babae, 27 na taon.

- “Walang pera,”
  -Babae, 60 na taon.

**2. Pantustos sa Luho/Bisyo o Kapricho**

- “Hindi na kasi sya kelangan ng asawa ko kaya sinangla na lang namin [para makabili na lang ng ibang bagay].”
  - Lalaki, 25 na taon.

- “Saka minsan, pag napapasabit sa barkada, walang pera, kelangan dumilihensya.”
  - Lalaki, 36 na taon.

- “Pinangbabae ko.”
  -Lalaki, 33 na taon.

- “Baduy, hindi naman uso gold dati. It’s not my personality wearing gold [kaya sinangla ko na lang].”
  - Lalaki, 33 na taon.

- “Wala kasi akong pera tapos lahat ng kaibigan ko meron. Mag-iinom kami kaya nagsangla ako para may pang-inom.”
  - Lalaki, 31 na taon.

**3. Pambayad ng Ibang Utang**

- "Yung sa singsing naman ng pinsan ko, nasangla namin yun kasi natalo kami sa sabong. Wala kaming pera. Kaya pagkatapos ng sabong, dumerecho kamung sanglaan."
  - Lalaki, 25 na taon.

- "Yung sa cellphone naman, yung perang nakukuha ko sa sangla ng cellphone, tinatabi ko kasi may hulugan ako (microfinance) kada Tuesday, pero once a week lang naman yun."
  - Babae, 36 na taon.

- "May gustong bilhing bahay na nagkakahalaga ng milyon. Ang perang makukuha sa sangla ay pandagdag."
  - Babae, 52 na taon.

- "Kasi gipit, walang pangbayad sa baboy, walang pang-abono sa lugi sa baboy at manok (business ay wholesale at retail ng meat products) saka iba iba ang gastusin sa bahay."
  - Babae, 51 na taon.

4. Pagkakaroon ng di-inaasahang pagkakagastusan o "emergency"

- "Naisangla dahil nastroke ang tatay. Kinailangan ng malaking pera dahil naospital at apat na beses na nastroke. Hindi kalaunan ay namatay din ang ama."
  -Babae, 49 na taon

- "… Nakalaan para sa panganganak nung panganay kong anak kaya talaga kapag araw ng Tuesday tapos walang pera, sangla muna ng cellphone."
  - Babae, 36 na taon.

- "For emergency."
  - Babae, 40 na taon.

Mapapansin sa mga binigay na kadahilanan sa pagsasangla, karamihan sa mga kalahok ay umaming kawalan o kakulangan ng pera ang nagbunsod sa kanilang magsanla. Pambayad ng kuryente, tubig, gastusing bahay, upa ng bahay at allowance ng mga bata ang madalas na banggiting dahilan sa pagtakbo sa sanglaan.

Meron din kaming mga kalahok na nagsasangla para lang makadilehensya o pang "good time" kasama ng mga barkada. May isang kalahok na umaming pinanggastos niya sa mga babae o pambababae ang pinagsanglaan. Isa ring kalahok ang pinagpalit ang gintong alahas niya sa pera dahil hindi niya "type" ["hindi ako ito"] o gusto ang alahas na ito.

May mga kalahok ding nagsangla para pagulungin ang pera nila. Pambayad-utang ang kanilang pinagsanglaan. Sa mga kalahok na ito, malinaw na meron silang mga prayoridad sa kanilang mga gamit o ari-arian. Sila ay nagsasangla upang magamit ang pera para matubos o maisalba ang iba nilang pag-aari o negosyo.

Ang panghuling dahilan na binigay ng mga kalahok sa pagsangla ay ang pagkakaroon ng "emergency" o biglaaang matinding pangangailangan tulad ng biglaang pagkakasakit o pagpapa-ospital ng kamag-anak.

## Mga Dahilan sa Pagtubos o Hindi Pagtubos

Halos kalahati ng mga nagsasangla ang nakakatubos ng kanilang sinangla, pero higit na nakararami ang hindi na natutubos ang kanilang sinangla. Nasa Talaan 4 ang buod ng resulta.

**Talaan 4. Natubos ba o Hindi**

| Natubos ba? | Dami | Porsyento |
|---|---|---|
| Oo | 15 | 44.11% |
| Hindi | 19 | 55.89% |
| **Total** | **34** | **100.00%** |

Mayroong mga kalahok na ang binabayaran lamang ay ang interes para hindi pa kaagad maremata ang sinangla. Sa mga bagay na tinutubos, merong mga bagay na mahalaga o may "sentimental value" sa mga kalahok kaya pilit nilang tinutubos ang mga bagay na ito. Pero higit na nakararami sa kanila ang hindi na umaasang matutubos nila ang sinangla dahil uli sa kakapusan ng pera o "badyet". Heto ang ilan sa kanilang sagot:

- "Hindi ko natubos kasi sinangla ko sya sa Baclaran e nalipat ako ng lugar ng trabaho, hindi ko na nahulugan. 2 buwan yung hindi ko natapos."

  -Lalaki, 35 na taon.

- "Hindi pa rin natutubos magpahanggang ngayon. Nakasangla ito noon pang 2011. Patuloy lamang ang paghuhulog ng interes kada buwan dahil may balak din namang tubusin dahil pinag-ipunan nya daw iyon."

  -Babae, 49 na taon.

- "Hindi na. Nagbabayad ako dati ng interes kaso isang beses, nalimutan ko hanggang umabot ng dalawang buwan lagpas na dun sa due date. Naremata tuloy. Nanghinayang. Nagbabayad ako dati ng interes kaso isang beses, nalimutan ko hanggang umabot ng

dalawang buwan lagpas na dun sa due date. Naremata tuloy. kaso, kapag gipit na gipit ka na, wala ka ng magagawa."

-Lalaki, 40 na taon.

- "Hindi na natubos. Wala namang pangbayad e."

-Babae, 39 na taon.

- "Yung kwintas hindi na natubos kasi hindi na namin hinulugan yung interes, pero yung cellphone oo. Sayang ang memory card pag hindi natubos."

-Babae, 36 na taon.

- "Oo [natubos ko], pero lagpas na sya ng 4 months. Tinubuan ko muna bago ko matubos."

-Lalaki, 29 na taon.

- "Oo [natubos ko] pero sinangla ko ulit."

-Babae, 26 na taon.

- "Yung bracelet natubos na within 4 mos. (standard duration of time sa pagsasangla) - yung wedding ring, 8 mos ng nakasangla, hindi pa matubos kasi wala pang extra money pangtubos. laging sakto lang ang budget."

-Babae, 27 na taon.

- "Yung kwintas natubos ko yun. Talagang pinag-ipunan ko yun, kursonada ko kasi yun kaya kapag darating na ang allowance ko, iniipon ko para mahulugan ko yung interest sa sanglaan. Pero yung singsing, hindi ko na natubos. Minsan kasi pag napapainom, nakukulang sa badget. Hindi nakakaipon. Ayun. Naremata."

- Lalaki, 36 na taon.

## Mga Sanglaan ng mga Kalahok

Marami-rami ang mga nabanggit na sanglaan ng mga kalahok. Ang iba rito ay mga malalaking establisimyento na may mga sangay o branches sa buong kapuluan. Ang ilan naman ay maliliit na tanggapan na hindi nakatala sa mga direktoryo.[11]

Nasa Talaan 5 ang listahan ng mga sanglaan na dinulugan ng mga kalahok.

**Talaan 5. Mga Sanglaang Pinagsanglaan**

| Sanglaan | Dami ng Kalahok na Nagsangla rito | Porsyento |
|---|---|---|
| Cebuana Lhuiller | 6 | 21.43 |
| Tambunting | 6 | 21.43 |
| Villarica | 3 | 10.71 |
| CVM Pawnshop | 1 | 3.57 |
| Noah's Pawnshop | 1 | 3.57 |
| Jemtrust | 1 | 3.57 |
| MZET | 1 | 3.57 |
| Ablaza | 1 | 3.57 |
| Manila | 1 | 3.57 |
| Sikatuna | 1 | 3.57 |
| MV Pawnshop | 1 | 3.57 |
| Realica Pawnshop | 1 | 3.57 |
| RD Pawnshop | 1 | 3.57 |
| Magdalena Pawnshop | 1 | 3.57 |
| Metrograde Pawnshop | 1 | 3.57 |
| RS Pawnshop | 1 | 3.57 |
| **Total** | **28** | |

Ayon sa mga kalahok, ang pagpili nila ng bahay sanglaan ay batay sa kalapitan ng mga ito sa kanilang bahay o opisina o kaya'y dahil sa pangalan o reputasyon ng sanglaan. Nabanggit ng iba na may mga sanglaan na mapagkakatiwalaan o kaya'y hindi agad nagbabawas ng interes o kaya'y mababa ang interes o hindi mabigat tubusin ang sinangla. Eto ang ilan sa kanilang nabanggit hinggil sa pagpili ng bahay sanglaan:

- "Nagkalat ang sanglaan sa Baclaran. Nadaanan lang."

  -Babae, 49 na taon.

- "Yung uncle ko kase magnanakaw ng alahas, so whenever meron syang nanakaw, sinasangla niya so yun nalaman ko [ang sanglaan]."

  -Lalaki, 33 na taon.

- "Malapit lang kasi sya sa amin."

  -Lalaki, 29 na taon.

- "Nakita ko lang. Nababasa ko sa daanan."

  -Babae, 51 na taon.

- “Tambunting at Capital Pawnshop, no referrals, established na kasi kaya laging dun ako napunta.”

-Babae, 27 na taon.

## Kaalaman Tungkol sa Patakaran ng Sanglaan

Nang tanungin ang mga kalahok tungkol sa mga patakaran ng sanglaang kanilang pinuntahan, halos lahat maliban sa isa, ang nakakaunawa ng mga patakaran at polisiya ng mga bahay sanglaan.

- “Oo. Ang requirement ay magsumite ng valid ID bago magsangla.”

- Babae, 49 na taon.

- “Kada buwan, 3% ang kelangang bayaran sa total ng perang nakuha sa sangla. Ito ay sa loob ng buwan kung hindi ay mareremata ang alahas.”

- Babae, 52 na taon.

- “Sa sanglaan, may apat na buwan ka para hulugan ang interes. Hindi ko na maalala kung magkano ang interes e. Nadadaanan ko lang yung M. Lhuilhier.”

- Lalaki, 40 na taon.

- “Dun sa Jemtrust, isang buwan lang ang sangla mo kaya sa loob ng isang buwan kelangan mo mabayaran yung presyo ng sangla at yung interes. Hindi naman ganun kalaki yung interes. Sa MZET naman, 24 days lang. Dalawang beses mo lang sya pwedeng tubuan. Pag hindi mo sya tinubos pagkatapos ng dalawang beses na nagpatubo ka, mareremata na yung cellphone. Kasi hindi ba, ang cellphone naghahang kapag hindi mo ginagamit.”

- Babae, 36 na taon

- “Pag nagsangla, magbabayad ng interes na 3% kada buwan sa loob ng apat na buwan. Kelangan ng valid ID at kung sino ang nagsangla, sya din ang kukuha. Kung hindi man ikaw, kelangan yung kukuha, may dalang authorization letter para mabigay sa kanya.”

- Babae, 39 na taon.

- “I have no idea.”

- Lalaki, 33 na taon

- “…Pag hindi mo sya natubuan may penalty na 2% on the top of the 4%,”

- Babae 26, na taon.

- “3% yung interest rate kada buwan tapos apat na buwan mo syang huhulugan. Pag hindi ka nakahulog, mareremata na yung sinangla mo. Alam ko yung sanglaan na

yun kasi malapit sa bahay dati,"

- Lalaki, 31na taon.

- "Pag nagbayad ka ng interes, hindi mareremata yung sinangla mo,"

  - Babae, 51na taon.

- "Ang patakaran dati sa sanglaan, 3 months lang, magbabayad ka ng interes para hindi maremata yung alahas mo. Ang interest nun ay 5% kada buwan na huhulugan sa loob ng tatlong buwan bale 15% lahat. Pag hindi ka nagbayad, mawawala sayo yung alahas mo",

  - Lalaki, 36 na taon.

Mapapansin sa mga tugon ng mga kalahok na nakututok sa interes at takdang panahon ng pagbabayad ng interes o pagtubos ng ari-arian ang mga tinatandaan nila. Wala ni isa man sa mga kalahok ang nagtanung-tanong sa sanglaan ng mga posibleng palugit o kaya'y mga alternatibong paraan ng pagtubos ng mga ari-arian.

Ayon din sa pagkakaunawa ng mga kalahok, iba't iba ang interes na tinatakda ng mga bahay sanglaan: mula 2% kada buwan hanggang 30% kapag "full payment" ang interes na pinapataw ng mga sanglaan. Ang mga sumusunod na salaysay ay galing sa mga kalahok hinggil sa pagkakaunawa nilang interes na babayaran:

- "3% ang interest rate kada buwan tapos apat na buwan mo siyang huhulugan. Pag hindi ka nakahulog, mareremata na yung sinangla mo,"

  - Lalaki, 31 na taon.

- "4% kada buwan. Maghuhulog ka ng interes sa loob ng apat na buwan at kapag hindi ka nagbayad ay mareremata ang item na isinangla,"

  - Babae, 49 na taon.

- "2%,"

  - Lalaki, 33 na taon

- "2.5%,"

  - Lalaki, 29 na taon.

- "4% fee sa bago sangla, tapos yun penalty 2%,"

  - Babae, 26 na taon.

- "Sa Cebuana, noong 1998 pa to, 3% kada buwan tapos huhulugan mo ng apat na buwan. Sa M.V Pawnshop naman, ganun din,"

  - Babae, 51 na taon.

- “Yang dati, ang kontrata sa akin nyan, full payment. Ang interes ay 30%. Nalaman ko yang sanglaan na yan kasi yan ang pinakamalapit,”

  - Lalaki, 35 na taon.

- “Tambunting: kung w/n 15 days matubos ang sinangla, 2.5% lang ng bayad ng sangla ang interes. Beyond that, 5% na hanggang 4 months- Capital Pawnshop: 4% of interest every month,”

  - Babae, 27 na taon.

## Pagsasangla Muli

Karamihan sa mga kalahok na nakapagsangla na, pinangangako sa sariling hindi na mauulit ito. Subalit sila rin ang unang aaming marahil, kung meron pang bagay silang pwedeng isangla, sila ay magsasangla muli bunsod ng kagipitan, kawalan o kakulangang matustusan ang mga pangunahing pangangailangang pang-araw-araw.

**Talaan 6 Balak na Pagsasangla sa Hinaharap**

| Pagsasangla Muli | Dami ng Kalahok | Porsyento |
|---|---|---|
| Oo | 23 | 76.67% |
| Hindi | 7 | 23.33% |
| **Total** | **30** | **100.00%** |

Sa mga sumusunod na sagot ng mga kalahok sa plano nilang magsangla sa hinaharap, mapapansing magkabilang kamay ang hatak ng pagsasangla at ang pag-iwas dito. Karamihan sa mga kalahok, bagama’t pinag-iisipan ang mga alternatibong pagkukunan ng pera sa panahon ng mahigpit na pangangailangan (tulad ng 5/6, maglo-loan, atpb.), hindi nila maiwasang pasukin ulit ang pagsasangla.

- “Hindi na siguro ulit. Marami nang options, if ever magipit ulit ako, maglo-loan nalang ako.”

  -Lalaki, 29 na taon.

- “Hindi na. Wala ng maisasangla e saka okay na naman ang sirkulasyon sa bahay. Nakakaraos na. Pag nagipit, mangungutang na lang. Wala ng masasangla e.”

  -Lalaki, 40 na taon.

- “Ayoko na. Sayang kasi yung alahas, saka yung sentimental value nung alahas na sinangla. Mangungutang na lang ako kesa magsangla para hindi mabawasan ng gamit. Saka pag-utang, lagi mong maalalang bayaran.”

  -Lalaki, 31 na taon.

- “Hindi na kasi sa totoo lang, hindi afford.”

  - Lalaki, 35 na taon.

- “Ayoko na. Hindi naman natutubos. Sayang lang.”

  - Babae, 51 na taon.

- “Hindi na. Wala na kaming isasangla. Gadget? Madaling malaos. Hindi katulad ng alahas, hindi nagbabago. Siguro kung gipit na gipit na, mangungutang na lang muna sa tindahan o kaya raket, labada. Ganun.”

  -Babae, 39 na taon.

- “Ayoko na. ‘It’s personal belonging kase, last resort ko to if ever magipit ako. I’ll borrow money first from someone else.’”

  -Lalaki, 33 na taon.

- “Oo naman. Ay kaso hindi na pala, wala nang masasangla e. Pero kung meron, mabilis ang pera sa sanglaan.”

  -Lalaki, 25 na taon.

- “Oo naman, kung meron pa bang isasangla. Kung magipit, pwede rin namang mangutang, mag-lending o kaya ay 5/6.”

  - Babae, 49 na taon

- “Oo, kung merong maisasangla. Mas madali ang magsangla kaysa ang mangutang dahil pag utang, hindi mo alam kung kelan darating ang pera. At saka ang mga sanglaan, accessible. Kahit san may malapit, may mapupuntahan ka.”

  - Babae, 35 na taon.

- “Oo naman. Madaling makakuha ng pera saka maliit lang ang interes.Tapos sa sanglaan, wala kang maririnig saka hindi ka magkakaron ng utang na loob.”

  -Babae, 36 na taon.

- “Oo, siguro kapag nagipit ulit. Tsaka mas ok sa sanglaan kase mas mababa ang interest.”

  - Babae, 26 na taon.

Mula sa mga pahayag, makikita na malaki ang probabilidad na magsangla uli ang mga kalahok, dahil 1) mas gusto nilang magsangla kasi mababa ang porsyento ng interes kaysa sa 5-6, at 2) bisnes na transaksyon ito kung kaya’t hindi sila nagkakaron ng utang na loob sa ibang tao. Isang madalas ding mabanggit na kabutihan ng pagsasangla ay nangangahulugan ito ng “ instant cash” basta may bagay kang mabibigay na kapalit. Ang bentahe o hindi maganda naman sa pagsasangla ay ang pagkalugi kapag hindi nabayaran sa takdang panahon ang sinanglang bagay. Pansinin din na ang nakukuhang

pera sa sangla ay kalahati lang ng aktwal na presyo ng bagay na iyong sinangla. Panghuli, masusubasta din ang bagay na ito kung hindi matutubos.

## Punto de Bista ng May-Ari ng Sanglaan/Taga-tasa

Sa nakapanayam na dalawang may-ari/taga-tasa ng sanglaan, binanggit nila na ang presyong binibigay nila sa nagsasangla ay batay sa mga sumusunod: 1) uri at *market value* ng bagay na sinasangla, kadalasa'y alahas; 2) ang disenyo ng alahas, karats o bigat nito at ang nilalamang ginto (*gold content*); sa *gadgets*, binabatay sa modelo, *market value* at kung gaano siyang ka-in-demand. Ang presyo ng ginto ay maaaring magbago, depende sa presyong ginagamit ng Bangko Sentral sa pagbili ng ginto.

Karamihan sa mga taga-tasa at may-ari ng sanglaan ay sumasailalim sa seminar para sa mga *"appraiser"* na binibigay ng isang pribadong ahensya at ng Bangko Sentral.

Ayon din sa aming nakapanayam, mahalagang *"updated"* sa *"cash flow"* ng sanglaan ang may-ari upang malaman niya kung may sapat na puhunan pa o pondo ang sanglaan.

Halos 70% daw ng mga nagsasangla sa kanila ay tinutubos ang kanilang mga sangla. At 30% lamang ang nareremata ang mga isinanglang bagay, kadalasa'y iyong malaki ang halaga (mula php10,000-100,000) kasi malaki rin ang interes ng mga ito.

### IV. Kongklusyon at Rekomendasyon

Ang pagsasangla ay nakikita bilang isang solusyon sa panandaliang pagkakaahon sa kahirapan o pangangailangan. Ito ay isang solusyon na pangmahirap o makamahirap.

Maaninag mula sa limitadong datos sa pagsusuri na ito na halos walang pinagkaiba ang kasarian sa pagsasangla. Ang mga aytem na ipiprenda kadalasa'y mga alahas: kwintas, singsing, pulseras, hikaw. Dahil nga 1/3 ng presyo ng aytem lamang ang binibigay ng sanglaan, kaladalasan ay wala pang php1,000 ang nakukuha ng nagsanla. Depende sa kung ilang buwan nanatili sa sanglaan ang gamit, ang sanglaan ay maaring sumingil nang mula sa 5% hanggang 15% kada buwan na patong sa halagang orihinal na nakuha para sa gamit na ipinreda.

May mga higanteng sanglaan sa Kamaynilaan na nagkalat ang mga sangay sa buong kapuluan. Meron din namang maliliit na sanglaan na makikita sa isang partikular na lugar lamang. Ang pagpili ng kalahok ng sanglaan ay kadalasa'y batay sa lapit nito sa kanyang tirahan o pinapasukan o kaya'y madalas madaanan. Nabanggit din sa mga dahilan ng pagpili ng sanglaan ay kung ang sanglaan ay mababa magpataw ng interes kayat hindi mabigat sa bulsa, mapagkakatiwalaan (na ang ibig sabihin ay totoong isineselyo ang aytem at hindi ginagalaw ang aytem liban na lamang kung narimata na), at panghuli, kung hindi agad nagbabawas ng interes ang sanglaan. Mayroon kasing ilang sanglaan kung saan ang pagbigay pa lamang ng inisyal na pautang ay binawas na ang isang buwang interes.

Ayon kay Oggs Cruz (2009) sa pelikulang *Sanglaan*:

> Tinatangkilik nang marami ang mga sanglaan dahil pinaniniwalaan nila na sa pamamagitan ng mga ito, maaring takasan ang mabibigat na problema sa tulong nang mabilis na transaksyon. Habang may mahalagang aytem na maaring i-prenda, maaaring makakuha ng palugit sa mga alalahanin. Ang pinakamahalagang elemento rito ay panahon. May taning ang pagkaligtas. Dapat alalahaning ang palugit na nabili ay panandalian, at may mga hindi matakasang suliranin na lalo pang pinaigting ng katotohanang ang mahalagang gamit na naiprenda ay maaring mawala na habambuhay. Ang kalakalang ito ay hindi kumikilala ng sentimiento o emosyon. Ang mga aytem ay tinatasa nang hindi kasama ang mga gunitang kaakibat nila. Ang kalakalang ito ay hindi kumikilala ng mga alaalang dala ng mga bagay na ito… Ito'y walang habag, at lalo lamang binibigyang diin ang mga nadaramang hirap sa buhay laban doon sa mga elementong hindi hayag subalit kumakatawan sa ating pagka-tao.[12]

Para sa sanglaan, magandang metapora ang tulay dahil itinatayo ang mga tulay upang pagsamahin, pagdugtungin ang dalawa o higit pang lugar at lumikha ng pagkakaisa. Itinatayo ang mga ito upang labanan ang mga hadlang ng pagpunta sa ibang ibayo. Ang tulay ay isang matatag na estrukturang binabagtas mula sa pinanggalingan kung patungo sa nais marating nang walang kaba o takot na ikaw ay mapapahamak. Pero para sa karanasan ng mga nagsasangla na aming kinapanayam, higit na angkop tingnan ang mga sanglaan bilang mga baging sa halip na tulay. Oo, nakatutulong nga ang mga ito na malagpasan ang isang suliranin, subalit marami namang panganib o peligro ang nakaamba sa nagsasangla. Nariyan na posibleng maremata ang bagay na talagang mahalaga sa iyo, o kaya'y manatili na lang ang pagbabayad ng tubo buwan-buwan. Hindi rin ito para sa mga walang karanasan sa ganitong uri ng transaksyon. Si Tarzan, magaling ngang magbaging pero ang mga karaniwang tao ay hindi tulad ni Tarzan: ang mga madalas gumamit ng mga sanglaan, binibigyan lamang ng ilusyon na sila ay maililigtas. Sa hulihan, tanging nagsangla ang gagawa ng sarili niyang tulay at hindi ang mga taong nais siyang pagkakitaan.

Bukambibig ng mga negosyante na *"growth industry"* ang mga sanglaan lalo na ngayon na mahirap ang buhay. Kahit sa Estados Unidos na kasalukuyang dumaranas ng malalang krisis pampinansyal, patok rin ang mga sanglaan. Ngunit saan nanggagaling ang malaking kita ng sanglaan? Marahil, dahil sa higpit at bilis ng pangangailangan, walang sinumang nagsasangla ang tunay inaalintana ang kita

ng mga sanglaan na mula 60% o higit pa kada taon, at ito ay ligal. Kailangang makabuo ng mga sistema kung saan ang mga mahihirap na komunidad ay makapag-iimpok ng salapi para sa mga pangangailangang madalian sa hinaharap kung saan sariling pera rin nila na naitabi ang pagkukunan at kumikita kahit bahagyang interes. Tulad ng kasabihang "Kung may isinuksok, may madudukot." Maaring ang solusyon ay ang pag-iimpok sa mga alkansya na kapag nakapuno ay maaring ihulog sa bangko, o sa paluwagan na isang sistemang impormal na tipong kooperatiba gamit ng mga Pilipino.Bawat miyembro ay regular na naghuhulog ng tiyak na halaga, at nagpapalabunutan sa pagkakasunud-sunod sa pagsahod ng naiipong pera.[13,14, at 15] Isa pang alternatibong paraan o kundi naman sa tulad ng mga bagong PisoPiso Bank kung saan ang bawat miyembro ay naghuhulog nang piso isang araw upang mapag-ipunan ang bagay na dapat bilhin o bayaran, subalit dapat tayong magsimula, at matutong paghandaan at panghawakan ang ating sariling kinabukasan.

## MGA TALA

1 http://www.facebook.com/pages/Sanglaan/115487164560?v=wall

2 http://www.facebook.com/pages/Enjoy-Philippines/179794933923#!/pages/Sanglaan/115487164560?ref=ts

3 http://en.wikipilipinas.org/index.php?title=Sanglaan_(film)

4 http://goodnewspilipinas.com/?p=9190

5 http://asso.pinoysbest.com/the-pawnshop-sanglaan-filipino-movie

6 http://www.philstar.com/Article.aspx?articleId=491088&publicationSubCategoryId=70By Phillip Cu-Unjieng(The Philippine Star) Updated July 29, 2009

7 http://www.mlhuillierinc.com/about/commercials.asp

8 http://www.cebuanalhuillier.com/media2.asp

9 www.entrepreneur.com.ph/board/imdex.php?topic=46755.0

10 bizfil.com/pawnshop-operation-and-source-of-income/

11 2009-2010 PLDT Directory (Yellow Pages:433-434) Directories Philippines, Inc.

12 http://oggsmoggs.blogspot.com/2009/07/sanglaan-2009.html

13 http://www.selaplana.com/2010/04/07/is-paluwagan-a-scam/

14 http://willysamson.blogspot.com/2008/10/paluwagan.htm

15 http://www.pinoymoneytalk.com/forum/index.php?topic=21492.0

16 Bautista et.al. “Piso Piso Bank- Helping Poorest of the Poor Communities Learn about Money Stewardship” at “Pera, Negosyo, at Sikolohiya: Pwede bang Magkasama?” Paper read during the 34th Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino. November 19-21, 2009. Quezon City: Miriam College Little Theater.